International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 5 Special Issue | 2025

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 145-154

# Development, Validity and Acceptability of Big Book Based on Cebuano Folktales

Sairah Mae V. Malabarbas[1], Anesa P. Mangindra[2]

[1]Department of Education, Poblacion Polomolok National High School – South Cotabato, Philippines
sairahmaemalabarbas@gmail.com
[2]Graduate School, Sultan Kudarat State University, Philippines

**Abstract:**

This study aimed to address the lack of localized instructional materials by developing, validating, and evaluating the acceptability of a Big Book based on Cebuano folktales collected from Polomolok, South Cotabato. The research problem focused on the need for culturally grounded resources that reflect Cebuano heritage and enhance students' understanding and appreciation of local literature. To address this, the study employed a descriptive research design. Validation was conducted by five (5) experts using frequency and mean, while acceptability was assessed by ten (10) teachers and twenty (20) students and determine significant differences in perceptions regarding the Big Book's content, objectives, format, and organization. Results indicated that the validators strongly agreed with the quality of the translations and the content of the Big Book. Teachers and students both rated the material as highly acceptable, affirming its effectiveness as a teaching tool. The Cebuano folktales were found to be rich in both material and non-material cultural elements. The study concluded that the Big Book is an effective and appropriate instructional material for promoting regional literature. This research highlights the importance of integrating local culture into educational materials.

Keywords: acceptability, culture, instructional material, localized big book, Sebuano folktales, validity

## INTRODUKSIYON

Sa buong mundo, lumalawak ang pagkilala sa kahalagahan ng pagpapanatili at pagpapayabong ng mga katutubong kultura, lalo na ng mga tradisyong pasalita gaya ng kuwentong-bayan. Binibigyang-diin ng mga eksperto ang pangangailangang itala ang mga tradisyong ito upang mapanatili ang kultural na pagkakakilanlan at daybersidad. Ayon sa UNESCO (2023), hinihikayat ang partisipasyon ng pribadong sektor at mga kolaborasyong publiko-pribado para sa kapakanan ng mga susunod na henerasyon.

Kung hindi ito matutugunan, posibleng lumala ang hindi pagtutugma ng mga kagamitang pampagtuturo sa iba't ibang pinagmulan ng mga mag-aaral. Iniulat ng maraming guro na kulang

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 145-154

ang integrasyon ng lokal na kultura sa mga materyales sa pagtuturo, na maaaring magdulot ng kawalan ng interes ng mga mag-aaral (Carothers, 2019).

Sa bansa, pangunahing layunin ang pagtataguyod ng katutubong kultura sa pamamagitan ng mga programang nagtatala ng kuwentong-bayan mula sa iba't ibang etnolingguwistikong grupo. Sa ilalim ng K to 12 Revised Curriculum, binibigyang-halaga ang pagbuo ng lokalisadong kagamitang panturo na tumutugon sa kultura at pagkakakilanlan ng mga mag-aaral. Gayunpaman, nananatili ang kakulangan ng akmang materyales, na nagiging sanhi ng kahirapan ng mga mag-aaral sa pag-uugnay ng kanilang mga natutunan sa sariling kultura (Behhay, 2024).

Sa Pambansang Mataas na Paaralan ng Poblacion Polomolok, karamihan sa mga mag-aaral ay Sebuano. Gayunman, kapansin-pansin ang kakulangan sa lokalisadong materyales gaya ng Big Book na nakabatay sa mga kuwentong-bayang Sebuano. Dahil dito, nagiging hamon para sa mga mag-aaral na makaugnay sa sariling kultura at sa kultura ng iba. Kaugnay nito, layunin ng DepEd MATATAG na palawakin ang edukasyong nagpapalaganap ng mayamang kultural na pamana ng bansa.

Ang suliranin ay nakatuon sa kakulangan ng lokalisadong panitikang Sebuano na ginagamit sa pagtuturo. Mahalaga ang pagsasama ng lokal na panitikan sa kurikulum upang mas madaling maiugnay ng mga mag-aaral ang kanilang karanasan sa panitikang mula sa sariling rehiyon. Gayunpaman, limitado pa rin ang mga sanggunian at kagamitang panturo. Ang pagtingin sa "panitikang rehiyonal" bilang hiwalay o menor na kategorya ay nagiging hadlang sa malawak na pagkilala sa panitikan ng bansa. Dapat palakasin ang alternatibong paraan ng publikasyon tulad ng mga kooperatiba, kolektibo, crowd-sourced, at self-publication upang hindi malimita ng komersyalisasyon ang panitikang lokal (Villarasa & Dipolog, 2024; Rabago-Visay, 2018; Barbaza, 2022; Bacalso, 2015).

Batay sa mga datos at obserbasyon, nilalayon ng pananaliksik na ito na bumuo, balideyt, at tasahin ang antas ng pagtanggap ng Big Book na nakabatay sa mga kuwentong-bayang Sebuano. Layunin nitong makapaghandog ng kagamitang pampagtuturo na sumasalamin sa pamanang kultural ng mga Sebuano sa Polomolok, Timog Cotabato. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga kuwentong-bayan sa edukasyon, inaasahang matutugunan ang kakulangan sa lokalisadong materyales at mapapalaganap ang panitikang Sebuano para sa susunod na henerasyon.

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na masukat ang balidity at antas ng pagtanggap ng nabuong big book batay sa mga kuwentong-bayang Sebuano. Ispesipikong nilalayon din ng pag-aaral na masagot ang sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas sa pagkakasalin sa wikang Filipino ng mga kuwentong- bayang Sebuano ayon sa:
   1.1. Kawastuhang panretorika;
   1.2. Kawastuhang panggramatika;
   1.3. Kalinawan ng salin; at

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 145-154

1.4. Katangiang Pampanitikan sa Pagsasa-Filipino ng mga Kuwentong Sebuano?

2. Anong mga materyal at di-materyal na kultura ang masasalamin sa nalikom na mga kuwentong-bayang Sebuano?
3. Ano ang antas ng balididi ng big book ayon sa:
   3.1. Bisa ng nilalaman;
   3.2. Pagkagamitin; at
   3.3. Kaangkupan?
4. Ano ang antas ng akseptabilidad ng nabuong big book mula sa mga guro ayon sa:
   4.1. Layunin;
   4.2. Nilalaman;
   4.3. Pormat; at
   4.4. Presentasyon at Organisasyon?
5. Ano ang antas ng akseptabilidad ng nabuong big book mula sa mga mag-aaral ayon sa:
   5.1. Layunin;
   5.2. Nilalaman;
   5.3. Pormat; at
   5.4. Presentasyon at Organisasyon?
6. Ano ang makabuluhan pagkakaiba sa antas ng akseptabilidad ng nabuong big book mula sa mga guro at mga mag-aaral ayon sa:
   6.1. Layunin;
   6.2. Nilalaman;
   6.3. Pormat; at
   6.4. Presentasyon at Organisasyon?

## METODOLOHIYA

### 2.1 Disenyo

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa ayon sa disenyo ng pamamaraang deskriptib-debelopmental. Ang deskriptib-debelopmental ay mainam gamitin kung ang naging layunin ng isinagawang pag-aaral ay malaman ang katangian o kasanayan upang makabuo ng isang awtput para sa pagkatuto ng mga mag-aaral (Estera & Marbella, 2014). Dagdag pa nina Cruz at Dizon (2021), na ibinatay sa apat na yugto ng deskriptib-debelopmental ni Ibrahim (2016), ang deskriptib-debelopmental ay binubuo ng sumusunod: analisis, disenyo, debelopment, at ebalwasyon

### 2.2 Respondente

Isinagawa ang pananaliksik na ito sa Pambansang Mataas na Paaralan ng Poblacion, Polomolok, South Cotabato sa taong panuruan 2024–2025. Kabilang sa mga kalahok ang dalawampung (20) mag-aaral mula sa Baitang 7 at sampung (10) guro sa asignaturang Filipino para sa pagtataya ng antas ng pagtanggap sa inihandang Big Book. Samantala, limang (5)

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 5 Special Issue | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 145-154

ekspertong guro mula sa nasabing bayan ang nagsilbing respondente para sa balidasyon ng big book at pagsasalin ng mga nakalap na kuwentong-bayang Sebuano tungo sa wikang Filipino.

### 2.3 Instrumento

Ang pangunahing instrumentong ginamit sa pag-aaral ay ang mga kuwentong-bayang Sebuano na nakalap mula sa bayan ng Polomolok, South Cotabato na isinalin sa wikang Filipino at ginawang *big book.*

Gumamit ang mananaliksik ng mga talatanungan. Ito ay binubuo ng: Antas ng pagkakasalin batay sa kawastuhang panretorika, kawastuhang panggramatika, kalinawan ng salin, at katangiang pampanitikan; Antas ng baliditi ayon sa bisa ng nilalaman, pagkagamitin, at kaangkupan; Antas ng akseptabilidad ayon sa layunin, nilalaman, at pormat.

Ipinabalido ang mga talatanungan sa anim (6) na dalubhasa gamit ang Content Validity Index na nagkaroon ng resulta na maituturing na balido batay kay Yusoff (2019). Ang nakalap na puntos ay binigyan ng interpretasyon gamit ang *Five Point Likert Scale* upang matukoy ang baliditi ng big book.

Pinasagutan ang mga balidong talatanungan sa pagbabalido ng pagsasalin at pagbuo ng big book sa limang (5) dalubhasa mula sa bayan ng Polomolok, South Cotabato. Sinukat ang antas ng pagtanggap sampung (10) guro sa Filipino at dalawampung (20) mag-aaral na nasa ikapitong baitang mula sa Pambansang Mataas na Paaralan ng Poblacion Polomolok. Kinuha ang mean ng mga puntos at binigyang interpretasyon gamit *ang Five Point Likert Scale.*

## RESULTA

Talahanayan 1. Antas ng Balidasyon ng Pagsasalin sa Filipino ng mga Kuwentong-Bayang Sebuano

| **Domeyn** | ***Mean*** | **SD** | **Berbal na Paglalarawan** |
|---|---|---|---|
| Kawastuhang Panretorika | 4.8 | 0.34 | Lubos na Sumasang-Ayon |
| Kawastuhang Panggramatika | 5 | 0 | Lubos na Sumasang-Ayon |
| Kalinawan sa Salin | 4.92 | 0.16 | Lubos na Sumasang-Ayon |
| Katangiang Pampanitikan | 4.88 | 0.24 | Lubos na Sumasang-Ayon |
| **Kabuoan** | **4.9** | **0.18** | **Lubos na Sumasang-Ayon** |

Ipinakikita sa Talahanayan 1 ang antas ng balidasyon ng pagsasalin sa Filipino ng mga kuwentong-bayang Sebuano. Ayon sa datos, ang kawastuhang panggramatika ang may pinakamataas na iskor na may *mean* na 5.00 (SD = 0.00), na nangangahulugang lubos na sumasang-ayon. Kasunod nito ang kalinawan sa salin na may *mean* na 4.92 (SD = 0.16), at katangiang pampanitikan na may *mean* na 4.88 (SD = 0.24). Ang kawastuhang panretorika naman ay may *mean* na 4.8 (SD = 0.34). Sa kabuuan, ang pagsasalin ay may *mean* na 4.9 (SD = 0.18), na nagpapakita ng mataas na antas ng balidasyon.

Talahanayan 2. Materyal at Di-Materyal na Kulturang Sinasalamin ng mga Nalikom na Kuwentong-Bayang Sebuano

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 145-154

| **Kuwentong-Bayan** | **Kulturang Materyal** | **Kulturang Di- Materyal** |
|---|---|---|
| Pamilya Santelmo<br>(*Pamilya Santelmo*) | Kubo<br>sulat | paniniwala sa santelmo<br>nobena/ dasal para sa mga namatay<br>bayanihan<br>paglilibing sa patay |
| | | Pag-aalaga ng mga hayop |
| Ang Matanda at ang Matinding Pagbaha<br>*(Ang Tiguwang ug ang Lunop)* | Bisikleta | Bayanihan<br>Pagtulog sa hapon<br>Paniniwala sa sumpa<br>pangangalakal |
| Hinukay na Yaman<br>*(Kinalot na Bahandi)* | Ginto<br>Makinang/sasakyang panghukay | Pagmamahal sa kayamanan<br>Panlilinlang sa kapwa<br>Pagtatrabaho |
| Puno ng Balite<br>*(Punuan sa Dakit)* | paputok | Paniniwala sa mga engkanto<br>Pagkukumare<br>Pagkuha ng ninang<br>Pagsasaka<br>Pagdiriwang ng Pasko at Bagong Taon |
| Batang Hiniram<br>*(Batang Gihulman)* | kanin<br>Kawali<br>kaldero | Bayanihan<br>Pagtulog sa hapon<br>Pagmamahalan ng pamilya<br>Paniniwala sa mga engkanto<br>Pakikipaglaro sa kapitbahay |

Ang mananaliksik ay nakalikom ng limang (5) kuwentong-bayang Sebuano. Iniuri ng mananaliksik ang mga kulturang nakapaloob sa mga nalikom na kuwentong-bayang Sebuano bilang materyal at di-materyal.

Ang mga kuwentong-bayang nalikom na may pamagat na “Pamilya Santelmo”, ay mayroong kulturang materyal na kubo at sulat at kulturang di-materyal na paniniwala sa santelmo, nobena/dasal para sa mga namatay, bayanihan, paglilibing sa patay, at pagiging makabayan. “Ang Matanda at Matinding Pagbaha” naman ay mayroong kulturang materyal na bahay, bisikleta, bote, at bakal at ang di-materyal na kultura naman ay ang pag-aalaga ng mgahayop, bayanihan, pagtulong sa hapo, at paniniwala sa sumpa. Samantala, “Hinukay na Yaman” ay mayroong kulturang materyal nag into, makina/sasakyang panghukay ata ang di-materyal na kultura naman ay pagsunod sa batas, pagmamahal sa kayamanan, panlilinlang sa kapwa, at pagsasaka. Ang ikaapat na kuwentong-bayan ay “Puno ng Balite” na mayroong kulturang materyal na paputok at kulturang di-materyal na paniniwala sa mga engkanto, pagkukumare, pagkuha ng ninang, pagsasaka, at pagdiriwang ng Pasko at Bagong Taon. Panghuli ang “Batang Hiniram” na may kulturang materyal na kanin, kawali, kaldero, at lata samantalang ang kulturang di-materyal naman na nakapaloob dito ay ang bayanihan, pagtulog sa hapon, pagmamahalan ng pamilya, paniniala sa mga engkanto, at pakikipaglaro sa mga kapitbahay.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 145-154

Talahanayan 3. Antas ng Balidasyon ng *Big book* Batay sa mga Kuwentong- Bayang Sebuano

| **Domeyn** | ***Mean*** | **SD** | **Berbal na Paglalarawan** |
|---|---|---|---|
| Bisa ng Nilalaman | 4.9 | 0.2 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Pagkagamitin (Usability) | 4.93 | 0.13 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Kaangkupan (Relevance) | 5 | 0 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **Kabuuan** | **4.94** | **0.11** | **Lubos na Sumasang-ayon** |

Inilahad Talahanayan 3 ang antas ng balidasyon ng *big book* batay sa mga kuwentong-bayang Sebuano. Mapapansin na nakakuha ng pinakamataas na *mean* ang kaangkupan na 5 (SD= 0.0) na nangangahulugang lubos na sumasang-ayon. Ang pagkagamitin ay nakakuha ng *mean* na 4.93 (SD= 0.13) at *mean* na 4.9 (SD=0.2) naman para sa bisa ng nilalaman na kapwa mailalarawan na lubos na sumasang-ayon. Sa pangkalahatan, ang antas ng balidasyon ng *big book* batay sa mga kuwentong-bayang Sebuano ay nakakuha ng *mean* na 4.94 (SD=0.11) na may berbal na paglalarawan na lubos na sumasangayon.

Talahanayan 4. Antas ng Akseptabilidad ng Nabuong *Big book* mula sa mga Guro

| **Domeyn** | ***Mean*** | **SD** | **Berbal na Paglalarawan** |
|---|---|---|---|
| Layunin | 5 | 0 | Lubos na lubos na tinanggap |
| Nilalaman | 4.98 | 0.06 | Lubos na lubos na tinanggap |
| Pormat | 4.96 | 0.12 | Lubos na lubos na tinanggap |
| Presentasyon at Organisasyon | 5 | 0 | Lubos na lubos na tinanggap |
| **Kabuoan** | **4.98** | **0.04** | **Lubos na lubos na tinanggap** |

Inilahad sa talahanayan 4 ang antas ng akseptabilidad ng nabuong big book mula sa mga guro ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Poblacion Polomolok. Batay sa datos, ang layunin, at presentasyon at organisasyon ay kapwa nakapagtamo ng pinakamataas na *mean* na 5.00 (SD = 0.00) na nangangahulugang lubos na lubos na tinanggap. Sinundan naman ito ng nilalaman na nakakuha ng *mean* na 4.98 (SD = 0.06) na may berbal na paglalarawan na lubos na lubos na tinanggap. Nasa panghuling puwesto ngunit mataas pa rin ang nakuha ng pormat na may *mean* na 4.96 (SD= 0.12) na mailalaraan pa ring lubos na lubos na tinanggap. Sa kabuuan, ang antas ng akseptabilidad ng nabuong big book batay sa mga guro ay nakakuha ng *mean* na 4.98 (SD= 0.04) na may deskripsiyong lubos na lubos na tinanggap."

Talahanayan 5. Antas ng Akseptabilidad ng Nabuong *Big book* batay sa mga Mag-aaral

| **Domeyn** | ***Mean*** | **SD** | **Berbal na Paglalarawan** |
|---|---|---|---|
| Layunin | 5 | 0 | Lubos na lubos na tinanggap |
| Nilalaman | 4.95 | 0.16 | Lubos na lubos na tinanggap |
| Pormat | 4.93 | 0.23 | Lubos na lubos na tinanggap |
| Presentasyon at Organisasyon | 4.98 | 0.07 | Lubos na lubos na tinanggap |
| **Kabuuan** | **4.96** | **0.12** | **Lubos na lubos na tinanggap** |

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 145-154

Makikita sa talahanayan 5 ang antas ng akseptabilidad ng nabuong big book batay sa mga mag-aaral na nasa ikapitong baitang ng Pambansang Mataas na Paarala ng Poblacion Polomolok. Ayon sa datos, ang layunin ay nakapagtamo ng pinakamataas na *mean* na 5 (SD = 0.00) na mailalarawang lubos na lubos na tinanggap. Mataas rin ang nakuha ng presentasyon at organisasyon na may *mean* na 4.98 (SD= 0.07) na may deskripsiyong lubos na lubos na tinanggap. Pagdating naman sa nilalaman ay 4.95 ang nakuha nitong *mean* (SD= 0.16) at sinundan ng pormat na mayroong *mean* na 4.93 (SD= 0.23) at kapwa may berbal na paglalarawang lubos na lubos na tinanggap Sa kabuuan, ang antas ng akseptabilidad ng nabuong big book batay sa mga mag-aaral ay nakakuha ng *mean* na 4.96 (SD= .12) na nangangahulugang lubos na lubos na tinanggap.

Talahanayan 6. Makabuluhang Pagkakaiba ng Antas ng Akseptabilidad ng mga Guro at mga Mag-aaral

| **Balideytor** | ***Mean*** | **SD** | **t-cal** | **P-*value*** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|---|---|---|
| Guro | 4.98 | 0.04 | 0.51 | 0.62 | Walang Makabuluhang Pagkakaiba |
| Mag-aaral | 4.96 | 0.12 | | | |

*a=0.05 level of significance*

Ayon sa Talahanayan 6, ang mean ng mga guro ay 4.98 (SD = 0.04), samantalang ang mean ng mga mag-aaral ay 4.96 (SD = 0.12). Ang t-calculated ay 0.51 at ang p-value ay 0.62, na mas mataas kaysa sa 0.05 na antas ng kahalagahan. nangangahulugan ito na walang makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mag-aaral tungkol sa nabuong big book bilang kagamitang pampagtuturo.

## INTERPRETASYON

Batay sa resulta, ipinapahiwatig nito na may mataas na kalidad ang pagsasaling ginawa sa mg kuwentong-bayang Sebuano. Nangangahulugan itong naging malinaw ang pagkakalahad ng kuwento at angkop sa antas ng pag-unawa ng target na mga mag-aaral. Patunay ito na nasunod ang kawastuhan ng panggramatika. Mahalagang tipunin at isalin ang mga lokal na kuwentong-bayan upang makabuo ng mga kagamitang pampagtuturo na angkop sa lokal na konteksto (Noval et al., 2024) lalo na't epektibo ang lokalisadong Big Book sa pagpapataas ng antas ng pagbabasa ng mga mag-aaral (Binay-an, 2022).

Ipinapakahulugan sa mga naitalang datos, tunay talagang mayaman sa kultura ang mga nalikom na kuwentong-bayang Sebuano, materyal man o di-materyal. Ang mga panitikang lokal ay salamin ng kultura ng bayang pinaglikuman. Ang mga kulturang ito ay nagpapakita ng gawi, pamumuhay, tradisyon at paniniwala mayroon ang mga mamamayan ng Polomolok, South Cotabato partikular na ang mga pangkat ng Sebuano. Ayon Noval et al. (2024) at Catipay (2018) ang pagpapahalaga ng mga Sebuano sa pananampalataya, pagtutulungan, at matibay na ugnayan ng pamilya. Samantala, binigyang-diin nina Santos (2018) at Guido (2021), mahalagang

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 145-154

pagtuunan ng pansin ang kulturang materyal at ang paggamit ng midyang kaugnay ng kultura ng mag-aaral upang mas maging makabuluhan at epektibo ang pagkatuto.

Isinasaad ng resulta na mataas ang balidasyon ng nabuong big book na patunay ng episyenteng gamit nito sa pagkatuto at sa paghikayat sa paggamit ng wikang Filipino. Mahalaga ang balidasyon upang matiyak ang kalidad ng mga kagamitang pampagtuturo (Funa at Ricafort, 2019). Sadyang epektibo ang mga balidong materyales gaya ng Big Book bilang alternatibong kasangkapan sa pagbabasa at pagkatuto (Novitasari & Nurfiqih 2021)

Ipinapahiwatig ng resulta na mataas ang pagtanggap ng mga guro sa Big Book, na nangangahulugang nakikita nila itong epektibo at angkop sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang. Mas ginagamit ng guro ang isang kagamitan kung mataas ang kanilang pagtanggap dito (Tantengco at Bernardo, 2019) habang binigyang-diin naman ni Hamilton (2021) ang mahalagang papel ng guro sa pagpili ng angkop na kagamitang pampagtuturo.

Ipinakita ng resulta na ang Big Book ay maayos ang pagkakabuo at tumutugon sa interes ng mga mag-aaral, lalo na sa pamamagitan ng mga ilustrasyon. Nagiging mas epektibo ang pagkatuto kung ang mga kagamitang pampagtuturo ay nakaayon sa pangangailangan at interes ng mga mag-aaral (Bacia, 2024; McCarthy, 2014).

Ipinapakita ng mga resulta na walang pagkakaiba sa antas ng akseptabilidad ng komiks sa pagitan ng mga guro at mag-aaral. Dahil ang p-value (0.64) ay mas mataas sa 0.05, nangangahulugan ito na walang makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mag-aaral ukol sa komiks bilang kagamitang pampagtuturo. Ibig sabihin, magkapareho ang kanilang mga opinyon at parehong kinikilala ang kahalagahan ng komiks sa pagtuturo. Ayon kina Portana et al. (2021), mahalaga ang papel ng guro sa pagtukoy ng kalidad ng materyal, habang ang mga mag-aaral ay natutulungan nitong maunawaan at pahalagahan ang aralin. Dagdag pa ni Gehlbach (2016), nagkakaroon ng mas epektibong pagkatuto kapag magkatulad ang interes ng guro at mag-aaral.

## KONKLUSYON

Nagtamo ng deskriptibong reyting na lubos na sumasang-ayon ang pagbabalido ng pagsasalin ng mga kuwentong-bayang Sebuano. Nangangahulugang maayos at malinaw ang pagkakasalin na ginawa sa pagbuo ng lokalisadong kagamitan. Nakapagtala ng mga materyal at di-materyal na kultura mula sa mga nalikom na kuwentong-bayang Sebuano. Nagpapahiwatig itong marami tinataglay na kultura ang mga Sebuano sa bayan ng Polomolok, South Cotabato.Nakalikom ng reyting na lubos na sumasang-ayon ang pagpapabalido ng nabuong big book batay sa mga kuwentong-bayang Sebuano. Nagpapahiwatig itong mainam ang nilalaman nito, pagkagamitin at kaangkupan. Pagdating naman sa antas ng akseptabilidad, kapwa nakakuha ng lubos na lubos na pagtanggap ang nabuong big book mula sa mga guro at mga mag-aaral at walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang resulta. Nangangahulugan itong

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 145-154

parehong naniniwala ang guro at mga mag-aaral na mainam na gamitin ang nabuong big book sa pagtuturo.

## SANGGUNIAN


Bacia, K. (2024). Role of instructional materials in students' academic performance. [Unpublished manuscript]. Retrieved from ResearchGate: https://www.researchgate.net/publication/382004589_Role_of_Instructional_Materials_in_Students'_Academic_Performance

Barbaza, R. E. (2022). *Walang panitikang rehiyonal: Pinag-isang maraming bayan sa tatlong kritikal na akda ni Bienvenido Lumbera*. Akda, 2(2). Retrieved from https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/research/journals/akda/volume-2/2/5-walang-panitikang-rehiyonal-pinag-isang-maraming-bayan-sa-tatlong-kritikal-na-akda-ni-bienvenido-lumbera.pdf

Behhay, N. N., Immangdul, H. N., & Aniceto, F. M. (2024). Isang mungkahing kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino sa panahon ng pandemya. International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies, 4(4), 395-404. https://www.ijams-bbp.net/wp-content/uploads/2024/08/4-IJAMS-APRIL-2024-395-404.pdf

Binay-an, I. N. (2022). Localized learning materials (*Big book*s) for beginning readers of Tagudin, Ilocos Sur. *Asia Pacific Journal of Advanced Education and Technology, 1*(3), 22–28. https://apjaet.com/wp-content/uploads/2022/08/Localized-Learning-Materials-Big-Books-for-Beginning-Readers-of-Tagudin-Ilocos-Sur.pdf

Carothers, D., Aydin, H., & Houdyshell, M. (2019). Teacher shortages and cultural mismatch: District and university collaboration for recruiting. Journal of Social Studies Education Research, 10(3), 39-63. Retrieved from https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1229410.pdf

Catipay, T. M. A. (2018). Antolohiya ng mga Sugbu-anun'g Kwentong Bayan: Pagbabalik-tanaw sa buhay at kulturang Cebuano. Cebu Normal University, Cebu City, Philippines

Funa, A., & Ricafort, J. (2019). Validation of gamified instructional materials in genetics for Grade 12 STEM students. *International Journal of Sciences: Basic and Applied Research*, *47*(2), 168–180.

Gehlbach, H. (2016, February 25). The teacher-student relationship: A study. *Panorama Education*. https://www.panoramaed.com/blog/teacher-student-relationship-study

Guido, M. (2021). *Culturally responsive teaching: Examples, strategies & activities for success*. Prodigy Education. Retrieved from https://www.prodigygame.com/main-en/blog/culturally-responsive-teaching/

Hamilton, L. S., Grant, G. K., Kaufman, J. H., Diliberti, M. K., McCombs, J. S., Schwartz, H. L., & Steiner, E. D. (2021). *How instructional materials are used and supported in U.S. K–12 classrooms: Findings from the 2019 American Instructional Resources Survey* (Research Brief No. RBA134-1). RAND Corporation. https://www.rand.org/pubs/research_briefs/RBA134-1.html

Mangindra, A. P. (2025). Preserving the legacy: A thematic analysis of heirloom narratives from the Bangsamoro-Maguindanaon. International Journal of Research Studies in Education, 14(2), 17-26. https://doi.org/10.

Mangindra, A., & Sandoval, M. A. (2021). Maguindanaon-Taw sa Laya epics Balatamay Lumëna, Diwata Kasaripan and Raha Samadaya: A reflection of their addat. International Journal of Research Studies in Education, 10(4), 101-110. https://doi.org/10.5861/ijrse.2021.626

McCarthy, J. (2014, August 25). *Learner interest matters: Strategies for empowering student choice*. Edutopia.

Noval, A. T., Taneo, F. A. ., Inoc, G., & Gaylan, A. A. (2024). Salin-dilang Pamana: Mga Pagpapahalaga at Kulturang Mamamalas sa Piling Kuwentong-Bayan sa Isla ng Olango. *Silliman Journal*, 64(2). Retrieved from https://sillimanjournal.su.edu.ph/index.php/sj/article/view/444

Novitasari, N. F., & Nurfiqih, D. (2021). *Big book*s: Big, bold, and beautiful with impacts. *International Seminar on Language, Education, and Culture, KnE Social Sciences*, 5(3), 250–257. https://doi.org/10.18502/kss.v5i3.8547

Portana, H. V., Fronda, J. G., Policarpio, D. G. T., Rigat, K. A. R. C., & Llames, G. A. (2021). Effectiveness and acceptability of instructional materials in the enhancement of students' academic achievement. *International Journal of Advanced Engineering, Management and Science, 7*(1), 12-15. https://dx.doi.org/10.22161/ijaems.71.2

Rabago-Visay L., (2018, July 14). *For the love of Cebuano literature*. The Philippine Star. https://www.philstar.com/the-freeman/opinion/2018/07/14/1833405/love-cebuano-literature

Santos, M. J. (2018). Kulturang materyal bilang batis at larangan ng kasaysayan. *Saliksik E-Journal, 7*(3), 121–138.

Tantengco, G. A. G., & Bernardo, A. B. I. (2019). Teachers' acceptability and use of accommodations for students with special needs in the general education classrooms. *The Asia-Pacific Education Researcher, 28*(5), 433-443. https://doi.org/10.1007/s40299-019-00444-3

UNESCO. (2023, October 19). UNESCO Asia-Pacific awards for cultural heritage conservation. *UNESCO*. https://www.unesco.org/en/articles/unesco-asia-pacific-awards-cultural-heritage-conservation?hub=66925

Villarasa, F. S., & Dipolog, S. B. (2024). *Pagdalumat sa hamong kinakaharap ng mga guro sa Filipino 7 sa kakulangan sa rehiyonal na akdang pampanitikan*. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 10(3). https://eprajournals.com/IJMR/article/12550

Yusoff, M. S. B. (2019). ABC of content validation and content validity index calculation. *Education in Medicine Journal, 11*(2), 49–54. https://doi.org/10.21315/eimj2019.11.2.6